

1

“Ferrer! Bilisan mo, halika dito!” sigaw ni Zaldivar, ang editor-in-chief ng pinagtatrabahuhan niyang pahayagan.

Pinindot ni Jessica ang ilang buton sa keyboard para mai-‘save’ ang ginagawa niya sa computer bago nagmadaling pumunta sa tanggapan ng kanyang boss.

“Chief naman, katapusan na ba ng mundo? Sino ang namatay?” biro niya sa lalaki nang nasa office na siya nito.

“Ako ang mamamatay at katapusan na rin ng mundo ko, kapag napalampas natin ang opportunity na ito.”

“Anong opportunity?”

“Si Congressman Fernandez, naghahanap ng private therapist para sa pamangkin niya.”

Kilala ni Jessica kung sino ang tinutukoy nito. Sino ang hindi makakakilala sa kay Cong. Fernandez? Nasa top list ito ng most eligible bachelors sa lungsod—most eligible pero most evasive pagdating sa pagpapa-

interview tungkol sa personal nitong buhay. Marami na ang nagtangka, mga sikat at credible pang mga journalist at reporter, pero walang nagtatagumpay isa man. Haka-haka ng lahat na may itinatagong malaking lihim sa buhay ang congressman.

“So, naghahanap ng therapist si Congressman Fernandez. Malaking scoop na ba iyon?” tanong niya sa boss.

“Ikaw ang papasok sa posisyon na iyon.”

“Ako?” turo niya sa sarili. “Bakit ako?”

“Dahil ikaw lang dito ang tanging napalihis ng career.”

Alam ni Jessica ang ibig sabihin nito. Madalas siyang pagtawanan at lokohin ng mga kasamahan dahil dati siyang professional physical therapist. Pinagbigyan lamang niya noon ang kagustuhan ng ama kaya iyon ang natapos niyang kurso. Ang talagang hilig niya ay maging isang mahusay na journalist. Nang mamatay ang ama ay pinayagan naman siya ng ina niya na tuparin ang pangarap kaya siya napasok doon bilang isang reporter.

“Pero, Chief, mag-iisang taon ko nang kinalimutan ang career kong iyon,” reklamo niya.

“Puwes ngayon, aalalahanin mo dahil isasabuhay mo 'yon ulit.”

“Bakit ba masyado kayong obsessed malaman ang pribadong buhay ni Congressman Fernandez?”

“Dahil sobrang ganda ng kanyang track record. He's too good to be true.”

“Ang ibig ba ninyong sabihin, hindi kayo naniniwala na isa siyang ideal at perpektong tao?”

“Walang perpektong tao, Ferrer. Lahat tayo'y may itinatagong kabulukan. At iyon ang gusto kong malaman. Ano ang itinatagong kabulukan ni Congressman Fernandez?”

“Pero bakit, Chief? May galit ka ba sa kanya?”

“Wala. Trabaho lang ito, walang personalan, sabi nga nila.”

Natawa si Jessica. “Alam ko na, isang exposé ang gusto ninyong gawin, ano?”

“Precisely! At ikaw ang gusto kong gumawa nito dahil promotion mo ang nakataya rito.”

“Promotion? Totoo, Chief?”

“Totoo. Interesado ka o hindi?”

“Chief naman, tinatanong pa ba iyan? Kailan ako mag-uumpisa? Paano ako makakapasok doon?”

Tahimik ang buong kabahayan. Ang tanging ingay na maririnig ay ang mga huni ng ibon na nakakulong sa isang malaking hawla. Pakiwari ni Jessica ay iyon na ang pinakamagandang bahay na kanyang napasok sa buong buhay niya.

Mula sa kanyang kinatatayuan, sa bandang kanan, sa labas ng malaking sliding door, nakikita niya ang napakagandang view ng nagkikislapang ilaw na nanggagaling sa mga building at bahay sa ibaba at buong kapaligiran na nasasakupan ng Quezon City, Marikina at ilang kalapit na lugar noon. Talaga nga palang napakataas ng lugar na kinaroroonan nila, naisip niya.

“O, Elena, kailan ka dumating?” tanong ng isang lalaking pababa ng hagdan na kaagad namang namukhaan ni Jessica. Ang kinakausap nito ay ang kasama niyang babae.

Pinagmasdan niyang mabuti ang binata. Guwapo ito, matangkad at mukhang kagalang-galang, lalo na nga sa kasuotan nitong amerikana na mas higit pang nagpatingkad ng kakisigan ng pangangatawan nito.

“Ngayon lang, Congressman,” sagot ni Elena. “Ito nga pala si—” simulang pagpapakilala nito sa kanya.

“Mamaya na’t nagmamadali ako,” putol ng binata. “Hintayin mo na lang si Tita Ana. Bababa na iyon.”

Ngumiti si Elena at nakaunawa. Sinulyapan lamang ng binata si Jessica at nagmadali na rin sa pag-alis habang hatid-tanaw naman ito ng mga naiwan.

“O, Elena, mabuti naman at dumating na kayo,” mayamaya ay narinig niyang sabi ng isang babae. “Siya ba ang sinasabi mong papasok dito?”

“Opo, Ma’am Ana. Si Jessica po, anak ng matalik kong kaibigan sa probinsya namin.”

May edad na si Ana pero bakas pa rin sa mukha nito ang kagandahan. Ayon kay Aling Elena, dalaga pa ito. Magmula nang mamatay ang mga magulang nina Eduardo at Ricardo, ito na ang tumayong magulang ng magkapatid.

“Magandang gabi po,” magalang na bati ni Jessica rito.

“Magandang gabi naman. Maupo kayo,” yaya nito. “Nasabi sa akin ni Elena na nag-training ka sa

Heart Center.”

“Tama po iyon at nagtrabaho din po ako doon ng tatlong buwan.”

“Bakit ka umalis?”

“Na-stroke ho ang inay ko. Ako ang personal na nag-alaga sa kanya.”

“Kumusta na siya?”

“Mabuti na ho, nakakalakad na at nakakapagsalita na nang mahusay.”

“Balita ko nga’y mahusay kang physical therapist kaya pinasundo kita kaagad kay Elena.”

“Sinabi nga po sa akin ni Aling Elena na kailangan ninyo ng private therapist para sa apo ninyo.”

“Oo, sa ospital sana kami kumukuha pero walang available at kulang pa sila sa staff.”

“Hindi ho ako mapapahiya sa pagrekomenda ko sa inyo kay Jessica, Ma’am Ana. Mahusay ho siya at mapagpasensya,” sabat ni Elena.

“Mabuti kung ganoon. Nakita na ninyo marahil si Eduardo?”

Tumango si Elena. “Opo, mukha nga pong

nagmamadali.”

“Pinatawag kasi siya sa Malacañang. Ako na ang magpapakilala sa apo ko kay Jessica,” baling nito sa kanya.

Nag-utos si Ana sa isang katulong at nang magbalik ito ay karga na si Carlota, ang batang aalagaan niya.

Pinagmasdan niyang mabuti ang bata. *Napakaganda niya, parang manyika*, naisaloob niya.

Kinuha at kinalong ni Ana ang bata. “Ito si Carlota, apo ko siya sa pamangkin. Anak siya ni Ricardo, nakababatang kapatid ni Eduardo. Nasa Amerika ngayon iyon,” pahayag nito.

Dahan-dahang nilapitan ni Jessica ang batang babae na walang kakibu-kibo at halatang nahihiya. Humilig ito sa lola nito at tinatakpan ang mukha.

“Ilang taon na po siya?” tanong niya.

“Three. Paralisado ang kanyang katawan mula baywang pababa.”

“Nasabi nga po sa akin ni Aling Elena. May sakit po pala siya sa puso?”

“Oo. Nitong huling atake niya siya nagkaganito.”

“Kamusta ka na, Carlota? Ako si Jessica. Ako ang mag-aalaga sa iyo magmula sa araw na ito,” nakangiting pagpapakilala niya sa sarili.

“Siguro’y bukas mo na makikilala si Dianne, mommy ni Carlota. Dumalo siya sa isang charity ball kaya gabi nang uuwi iyon,” dagdag na sabi ni Ana.

Ngumiti at tumango lamang si Jessica. Pinasamahan siya ni Ana kay Elena sa kuwarto na pansamantalang gagamitin niya habang naroroon siya. Katabing kuwarto iyon ng aalagaan niyang bata.

“Ano ang sabi ko sa iyo. Di ba napakagandang bata ni Carlota?” komento ni Elena habang papunta sila sa silid ni Jessica.

“Opo. Para ngang ubod niya ng bait.”

Napangiti ito. “Mabait talaga. Lahat naman sila dito’y mababait, maliban doon sa mommy ni Carlota na si Ma’am Dianne. Masungit iyon.”

“Ano ho ang ginagawa n’ung daddy ni Carlota sa Amerika? Doon ho ba nagtatrabaho?”

Nagpalinga-linga muna si Elena at sinigurong walang nakakadinig sa kanilang usapan. “Hindi. Kailan lang sila naghiwalay na mag-asawa. Doon siya pansamantalang naninirahan,” pabulong na pahayag

nito.

“Eh, bakit ho narito ’yung mag-ina?”

“Dahil na rin kay Carlota. Mahal na mahal ni Congressman ang pamangkin niya. Siya ang nagmungkahi na manatili muna dito ang mag-ina habang hindi pa pormal ang paghihiwalay ng mag-asawa.”

“May asawa na ba si Congressman?”

“Wala pa. Binata pa iyon. Pero minsan na ring umibig at nagka-girlfriend kaya lang, nagkahiwalay din.”

“At hindi na siya nagka-girlfriend ulit?”

“Ganoon na nga. Nadala siguro.”

“Sayang. Guwapo pa naman,” biro niya.

“Sinabi mo pa! Alin, kung siguro’y bata-bata pa ako, pipikutin ko iyon para mapangasawa ko.”

Natawa si Jessica. Matapos ituro lahat ni Elena ang mga bagay-bagay sa silid, muli silang bumaba sa sala. Dinatnan nila roon si Ana na nagbabasa ng diyaryo.

“Si Sir Eduardo mo ang makikipag-usap sa iyo tungkol sa magiging responsibilidad mo at sasahurin

dito,” sabi nito sa dalaga. “Sa kanya ang bahay na ito at siya ang nasusunod lalo na sa ano mang bagay tungkol kay Carlota.”

“Nauunawaan ko po, Ma’am.”

“Alam mo na siguro ang katungkulan niya at trabaho.”

“Opo.”

“Kilalang-kilala siya’t nirerespeto ng mga tao sa lugar na ito kaya mahalaga para sa kanya na ang mga kasama niya dito sa bahay ay napagkakatiwalaan niya.”

“Opo, Ma’am. Hindi ninyo ako magiging sakit ng ulo.”

“Wala naman ipinasok dito si Elena na naging problema para sa amin kaya nasisiguro kong ganoon ka rin.”

Ngumiti lamang si Jessica. Una pa lamang niyang nakita si Ana ay magaan na kaagad ang kalooban niya rito.

Gabi na. Sa kanyang silid, hindi dalawin ng antok si Jessica. Naninibago siya sa kanyang paligid—

malambot na kama, malamig na buga ng air-con at mabangong amoy ng mga unan at kumot.

Naaalala niya ang sinabi ni Ana tungkol sa pagtitiwala. Wala silang kaalam-alam kung sino siya at kung bakit siya naroroon. Maski si Aling Elena ay walang alam. Ipinagkaila si Zaldivar ang tunay niyang pagkatao rito.

“Sige na, Elena, irekomenda mo na ang pamangkin ko. Sabihin mong anak siya ng matalik mong kaibigan sa probinsya,” naalala ni Jessica na pagsusumamo ng kanilang editor-in-chief kay Elena.

“Baka naman niloloko mo lang ako. Baka isa sa mga tauhan mo iyan, ako ang mapapahamak. Malaki ang tiwala sa akin ni Ma’am Ana,” paniniguro pa ng babae.

“Hindi, talagang kailangan lang ng pamangkin ko ang trabaho. Therapist talaga siya.”

Naniwala naman si Aling Elena kaya napasok siya sa bahay na iyon.

Nakaramdam ng pagkauhaw si Jessica kaya bumangon siya mula sa hinihigaang kama at lumabas ng silid. Dahan-dahan at buong ingat muna niyang sinilip si Carlota sa silid nito. Nang makitang tulog na tulog ang bata ay saka lamang siya bumaba at

pumunta ng kusina upang kumuha ng tubig na mainom.

Habang kumukuha siya ng inumin sa refrigerator ay saka naman pumasok si Eduardo sa kusina. Hindi na nito suot ang amerikana at kalas na ang kurbata. Halatang pagod na ito. Nagbigay-galang dito si Jessica.

“Ikaw ’yung kasama ni Elena kanina, di ba?” tanong nito.

“Ako nga po,” nahihiya niyang tugon.

“Mabuti’t gising ka pa. Puwede bang ipaghanda mo ako ng makakain? Sa dami ng pinag-usapan namin ay hindi ako gaanong nakakain kanina,” pakiusap nito na sinabayan na ng pasok sa komedor.

Bantulot man dahil hindi alam ang mga kinalalagyan ng mga gamit sa kusinang iyon, sumunod siya sa utos nito. Naghanap muna siya at nakita ang natirang ulam sa loob ng refrigerator. Malamig na iyon at tulog na ang mantika kaya ipinasyang iinit muna iyon, pati kanin.

“Matagal pa ba iyan?” naiinip na tanong ni Eduardo nang sumilip ito sa pintuan ng kusina.

“Sandali na lang, Sir. Iniinit ko lang po.”

“Ang alin?”

“Yun pong kanin at ulam.”

“Kanin? Hindi ako kumakain nang mabigat sa gabi. Sandwich lang ang pinagagawa ko sa iyo.”

“Ho? Naku, pasensya na ho kayo. Sandali’t hahanapin ko lang ang tinapay.”

Nilapitan ng binata ang natatarantang si Jessica habang panay naman ang bukas ng dalaga sa mga cabinet, hinahanap kung saan nakalagay ang tinapay.

“Hindi ka ba tinuruan ng mga kasama mong katulong dito kung saan nakalagay ang mga bagay-bagay?” tanong nito.

Tumigil siya sa paghahanap. “Hindi po, kasi po’y—” sagot niya at saka bumaling. Nagulat siya dahil hindi niya alam na nakatayo pala si Eduardo sa kanyang likuran at malapit na malapit na sa kanya.

Nagtama ang kanilang mga paningin at parang namagneto na ayaw maghiwalay. Naramdaman ni Jessica na nag-init ang kanyang mga pisngi.

“May nakikita ka bang ibang tao dito maliban sa ating dalawa?” napapangiting tanong nito at nagpalinga-linga pa. “May matanda ba tayong kasama?”

“Wala po.”

“Sa hitsura mo, masasabi kong hindi gaanong malaki ang agwat ng edad ko sa iyo. Kaya puwede ba, okay lang na tawagin mo akong ‘Sir’ pero alisin mo na ‘yung ‘po’ at ‘ho,’” utos nito.

“Opo. Ang ibig kong p... kong sabihin ay, oo, Sir.”

“Sige na, matulog ka na’t ako na ang bahala dito. Pero bukas, magpaturo ka sa mga katulong, ha?”

Tumango siya at akma nang aalis nang tawagin siya nito.

“Saan ka pupunta?” tanong nito.

“Sa kuwarto ko, Sir.”

“Oo nga pero dito ang daan papunta sa maids’ quarters,” sabi nito at itinuro ang sa kabilang direksyon.

“Alam ko, Sir, pero hindi doon ang kuwarto ko. Sa itaas ho, sa tabi ng kuwarto ni Carlota.”

“Bakit?”

“Ang sabi ni Ma’am Ana, iyon daw ang pansamantala kong gagamitin habang nandirito ako.”

“Bakit nga? Hindi ba ikaw ‘yung kusinera na

ipinasok ni Elena dito?”

“Hindi, Sir. Ako ’yung ipinasok ni Aling Elena na therapist at pansamantalang tagapag-alaga ni Carlota.”

“Therapist?” nabiglang tanong ni Eduardo, sabay tawa nang malakas. “Pasensya ka na. Napagkamalan kitang kusinera.”

Napangiti rin siya.

“Oo nga pala, nabanggit nga pala sa akin ni Tita Ana na may kakilalang physical therapist si Elena. Ano ang pangalan mo?”

“Jessica Ferrer, Sir.”

“Nakilala mo na ba ang mommy ni Carlota?”

“Hindi pa. Wala pa siya.”

“Uumagahin na siguro sa pag-uwi iyon. Si Carlota?”

“Nagkakilala na kami kanina, Sir. Tulog na siya.”

“Sige, matulog ka na. Bukas na lang tayo mag-usap tungkol sa trabaho mo dito. Good night,” nakangiting sabi nito.

Gustong matunaw na parang kandila ni Jessica

Kung Ikaw Ay Akin - Mayet Esteban

nang mga sandaling iyon habang nakatingin at nakangiti sa kanya ang binata. Wala pa yata siyang nakikita o nakikilalang lalaki na napakatamis ngumiti tulad nito.

“Good night, Sir,” sagot na lamang niya at nagmamadali nang umalis.

2

Kinabukasan, maagang nagising si Jessica. Kalalabas pa lamang niya ng silid nang maulinigan ang dalawang tao na nag-uusap sa isang silid na kalapit lamang nang sa kanya. Bahagyang nakaawang ang pintuan noon kaya dinig na dinig niya ang pag-uusap ng mga ito.

“Ed, hindi kailangan ni Carlota ng tagapag-alaga. May sarili siyang yaya.”

“Pinaalis ko na ang yaya niya kahapon.”

“Ano! Bakit? At bakit hindi ko man lang nalaman iyon?”

“Maghapon hanggang gabi kang wala, paano ko sasabihin sa iyo? Isa pa, ako naman ang kumuha doon sa tao, kaya ako na ang nagdesisyon na paalisin siya.”

“Pero bakit nga?”

“Dahil wala siyang malasakit sa anak mo.”

“Marami naman tayong katulong dito sa bahay.”

“Dianne, ang mga katulong dito’y may sari-sariling responsibilidad. Isa pa, hindi ordinaryong

tagapag-alaga si Jessica, isa siyang professional therapist.”

“Yun pa nga, bakit pa natin kakailanganin ang serbisyo niya, samantalang dinadala naman ni Carlota sa ospital para sa therapy niya?”

“Hindi na, simula sa araw na ito. Dito na siya gagamutin dahil labis siyang napapagod sa pagpunta-punta sa ospital.”

“Ikaw na nga ang bahala! Palagi namang ikaw ang nasusunod dito, lalo na tungkol kay Carlota.”

“Para din naman sa kapakanan niya ang lahat ng ginagawa ko. Mabuti sana kung nandito ka palagi.”

“Pinalalabas mo yatang iresponsable akong ina?”

“Wala akong sinasabing ganoon pero sana naman, bigyan mo ng kaunting panahon ang anak mo.”

“Ano ang gusto mo? Magmukmok ako dito sa bahay buong maghapon? Sige, gagawin ko pero kailangang nandito ka rin palagi.”

“Ano ang kinalaman ko sa responsibilidad mo bilang ina?”

“Alam mong kaya lang ako naririto’y dahil sa iyo.

Handa kong gawin ang lahat ng gusto mo para kay Carlota kung—”

“Tama na Dianne, huwag mo sanang kalilimutan na asawa ka pa rin ng kapatid ko,” saway ni Eduardo sa sasabihin pa sana ng hipag.

“Dahil pinilit lang niya ako. Ikaw ang mahal ko, Ed. Tayo ang nagmamahalan. Una akong naging sa iyo.”

“Huli na. Matagal nang tapos sa atin ang lahat.”

“Hindi ako naniniwala! Mahal mo pa rin ako at nararamdaman ko iyon kaya huwag ka nang magkaila.”

“Dianne, please, tigilan na natin ito. Matagal ko nang kinalimutan ang relasyon natin.”

“Kaya? Iba yata ang sinasabi mo sa ipinapadama mo sa akin?”

Walang nadinig si Jessica na isinagot ng binata. Sandaling natahimik ang dalawang nag-uusap at udyok ng curiosity, dahan-dahan at buong ingat siyang sumilip sa nakaawang na pintuan.

Nakita niyang magkayakap at magkalapat ang mga labi nina Eduardo at Dianne.

Tama si Chief. Mukhang may itinatagong lihim si Congressman, naisaloob niya.

Unang kumalas si Eduardo. Nagmamadaling pumasok muli si Jessica sa kanyang kuwarto nang makitang palabas na ang binata sa kabilang silid. Nagpalipas siya ng ilang sandali at saka muling lumabas.

Nakapinid na ang pintuan ng silid ni Dianne nang sulyapan niya iyon bago bumaba sa hagdan.

“Mabuti’t gising ka na. Halika, mag-usap tayo sa library,” aya ni Eduardo sa kanya nang magkita sila sa sala.

Kasing-laki at kasing-luwag din ng sala ang library. Iyon ang nagsisilbing opisina ni Eduardo sa bahay.

“Halika, maupo ka.”

Naupo siya ngunit medyo naiilang siya rito. Pinag-mamasdan siyang mabuti ng binata na tila sinusuri at pinag-aaralang mabuti ang buo niyang pagkatao.

Inisa-isa nito ang magiging responsibilidad niya kay Carlota, pati na ang susuwelduhin niya na lihim

niyang ikinabigla dahil napakalaking halaga niyon.

“Mamaya ay ipapakilala kita sa mommy ni Carlota. Mahalaga para sa akin ang magkasundo kayong dalawa.”

“Nauunawaan ko, Sir,” magalang niyang tugon.

“Dalaga ka pa ba?” tanong nito.

Tumango siya.

“Boyfriend. May boyfriend ka na ba?”

“Mayroon, Sir, pero wala siya dito. Nasa ibang bansa siya,” nahihiya niyang sagot. Hindi siya nagsisinungaling, nasa Canada si Jimmy.

Hindi ito kaagad nakapagsalita pero parang nakita niyang napangiwi ito. “Good,” kapagdaka ay sabi nito. “Wala akong pakialam sa personal mong buhay, huwag lang iyon makakaapekto sa responsibilidad mo kay Carlota.”

“Hinding-hindi po, Congressman.”

“‘Sir’ na lang, hindi ‘Congressman.’ At walang ‘po’ at ‘ho.’”

Matapos nilang makapag-usap ay nagpaalam na si Jessica upang silipin at tingnan kung gising na si Carlota. Nakapagbihis na ang bata at nakapag-ayos

ng sarili nang datnan niya ito.

“Wow! Ikaw ba mag-isa ang nagbihis at nag-ayos sa sarili mo?” tanong niya rito.

Nahihiyang tumango lamang ang bata. Kinuha niya ang wheelchair na nasa isang sulok. Kinarga niya ang alaga at iniupo roon.

“Ang ganda mo talaga, Carlota. Pagkatapos nating mag-almusal, magpapaalam tayo at ipasyal mo ako sa buong subdivision, ha?”

“Sa playground?” nakangiting tanong nito.

“Gusto mong pumunta tayo sa playground? Oo ba,” natutuwa niyang tugon.

Sinalubong sila ni Eduardo na tumayo mula sa kinauupuan sa harap ng hapag-kainan, kasama si Dianne at tiyahin nito. Noon lamang nakita ni Jessica ang mommy ni Carlota. Kamukha nito ang anak sa kagandahan.

Kahit nakaupo ay nakikita pa rin ang magandang hubog ng katawan nito; makinis at maputi ang balat na tila pati lamok ay mahihiyang dumapo roon.

“Gising na pala ang prinsesa namin. Good morning,” magiliw na bati ng lalaki sa pamangkin, sabay halik sa pisngi nito. Pagkatapos ay kinarga

nito ang bata at inilapit kay Dianne. “Good morning, Mommy,” turo nito sa bata.

Alam naman ni Dianne ang ibig ipahiwatig ng binata kaya idinikit nito ang pisngi sa anak bilang halik at pagsunod sa gustong mangyari ng bayaw.

Sumunod ay inilapit ni Eduardo sa tiyahin si Carlota. Pagkatapos halikan ng matanda sa pisngi ang apo ay saka lamang ibinaba at iniupo ng lalaki ang pamangkin sa tabi ni Ana.

Ipinakilala ni Eduardo si Jessica sa hipag. Nagbigay-galang naman siya rito.

“Halika na, maupo ka’t mag-almusal na tayo,” yaya ng binata sa kanya.

Napatingin si Dianne sa bayaw. Nasa mukha nito ang pagtutol. Isang ordinaryong empleyada lamang si Jessica para sumalo sa kanila sa pagkain.

“Salamat, Sir, sa kusina na lang—” simula niya.

“Dito ka kakain. At palagi kang sasabay sa amin,” pakli ni Eduardo nang may awtoridad. Walang sinuman ang sumalungat dito.

“Halika na, Jessica, dito ka maupo sa tabi ni Carlota,” yaya ni Ana sa kanya.

Pagkatapos nilang mag-almusal ay nagpaalam si Jessica kung puwede niyang ipasyal si Carlota sa loob at paligid ng subdivision. Pumayag si Eduardo at si Dianne naman ay parang walang pakialam.

Sikat man ang araw, dahil sa naglalakihan at nagtataasang mga puno na may malalagong dahon, presko pa rin ang buong paligid habang namamasyal sina Jessica at Carlota. Tahimik ang buong kapaligiran dahil bilang lamang ang mga tao sa daan.

May nagsisipag-jogging, mga magulang at yaya na ipinapasyal ang kani-kanilang dalang bata at may ilan ding teen-agers na nagsisipag-basketball sa may court.

Sa isang park na nadaanan nila, nakita ang playground na sinasabi ni Carlota sa kanya. Nag-aya ang bata sa may swing. Kinarga niya ito mula sa wheelchair, isinakay sa swing at marahang itinulak iyon.

Tuwang-tuwa si Carlota, halatang sabik sa paglalaro at pamamasyal. “Higher!” sigaw nito.

“No, baka makasama sa iyo,” sabi niya.

Nakita niyang napasimangot ito. Naawa naman

siya sa bata kaya itinigil niya ang pag-ugoy ng swing para magpaliwanag dito. “Kailangan nating mag-ingat. Dadahan-dahanin muna natin ang lahat pero someday, kapag magaling ka na, magagawa mo na ang lahat ng gusto mo, okay?” matiyagang pagpapaliwanag niya.

Tumango ito at muling ngumiti. Hindi niya namamalayang pinapanood sila ni Eduardo na nakatayo lamang sa di-kalayuan mula sa kanilang kinaroroonan.

“Seesaw?” paturong sabi ni Carlota.

Kinarga muli ni Jessica ang bata at nagpunta sila sa may seesaw. Iniupo niya ito roon.

“Hold on tight, ha? Huwag kang bibitiw at baka mahulog ka,” bilin niya.

“Puwede bang makisali sa inyo?” anang isang tinig.

“Tito Ed! Come, seesaw!” bulalas ni Carlota nang makita ang tiyo.

“Sige, Jessica. Diyan ka sa kabilang dulo at dito kami ni Carlota,” utos ng lalaki.

Habang patuloy sa pagtaas at pagbaba ang seesaw, pinagmamasdang mabuti ni Jessica si

Eduardo. Naalala niya ang nakitang tagpo sa silid ni Dianne nang umagang iyon.

Sa tono ng pananalita ng babae, dati na silang may kaugnayan ng bayaw nito, bago pa man ito ikinasal sa ama ni Carlota. Iyon kaya ang dahilan kung bakit naghiwalay ang mag-asawa? Siguro ay natuklasan ni Ricardo na patuloy pa rin ang pakikipagrelasyon ng asawa sa kapatid nito, naisip niya.

Mahal pa nga kaya ni Eduardo ang hipag? tanong niya sa isip. *Marahil. Dahil kung hindi ay bakit ganoon na lang ang pagmamalasakit nito sa mag-ina?* Iyon marahil ang malaking sekreto ng congressman kaya mailap ito sa press pagdating sa personal nitong buhay. At kaya siguro wala pa itong asawa o kahit man lang isang napapabalitang girlfriend ay dahil may asawa na ang ka-relasyon nito at ang mismong hipag pa.

Tumigil sa pagbaba-taas ang seesaw. “Bakit, Jessica? Nahihilo ka ba?” tanong ni Eduardo.

“Hindi, Sir. Para lang kasing may dumi na dumaaan sa mukha ko.”

Maingat na bumaba ng seesaw ang binata at kinarga ang pamangkin. Nilapitan siya nito at inalalayan sa pagtayo. “Are you sure? Bakit bigla

kang napatulala?”

“Huwag ninyo akong pansinin, Sir. Talagang minsan ay napatulala ako dahil may naaalala lang ako.”

“Boyfriend mo?” napapangiting tukso nito.

Nag-blush si Jessica. “Hindi, Sir.”

“Tito, pasyal pa tayo,” yaya ni Carlota.

“Kayo na lang muna ni Tita Jessica, papasok pa ako sa opisina. Pero sa Saturday, promise, pupunta tayo sa *Star City*.”

Kumislap ang mga mata ni Carlota sa tuwa, niyakap ang tiyuhin at saka masayang sumama sa kanya. Itinuon na lamang niya ang pansin sa bata at sa pamamasyal nila nang makaalis na at iwan sila ni Eduardo sa playground.

Maganda ang lugar na iyon, talagang well-developed at pulos mayayaman lamang ang nakatira roon. Pero wala namang nagdududa kung saan nakuha ni Cong. Fernandez ang yaman nito. Wala pa ito sa pulitiko ay tanyag na ang pangalan nito, pati na buong pamilya.

Talagang mayayaman ang mga Fernandez,

Kung Ikaw Ay Akin - Mayet Esteban

mababait at mapagkawanggawa. Pero sa lahat, tanging si Eduardo lamang ang pinakatahimik at malihim pagdating sa sarili at personal na buhay. Iyon ang dahilan kaya marami sa press ang nahihiwagaan dito, lalo na nga at isa na itong public figure.

“Halika na, Carlota, umuwi na tayo’t baka inaalala na tayo sa bahay,” mayamaya ay sabi ni Jessica sa alaga.

3

Sa bahay, naghihintay na si Ana sa may terrace nang dumating sina Jessica at Carlota. Sa tabi nito ay may isang lalaking nakatayo na may edad na rin.

“Mabuti’t umuwi na kayo. Carlota, hindi mo ba babatiin si Dr. Llanes?” nakangiting salubong ni Ana sa apo.

“Good morning po,” magalang na bati ng bata.

“Good morning din, Carlota. How are you?” magiliw na bati ni Dr. Llanes.

“Fine, thank you.”

Natutuwa si Jessica sa ipinakikitang kagandahang-asal ni Carlota. Hindi naman pala mahiyain ang alaga sa mga taong nakikilala na at hindi rin maipagkakaila ang angking katalinuhan nito.

“Doktor, ito si Jessica, ang therapist na sinasabi ko sa iyo. Jessica, si Dr. Raul Llanes, siya ang doktor ni Carlota,” pagpapakilala ni Ana sa dalawa.

“Magandang umaga po, Doktor,” bati niya.

“Maiwan ko muna kayong dalawa sandali,

Jessica. Ako na ang bahala kay Carlota,” sabi ni Ana.

“Halika, Jessica. Maupo tayo’t mag-usap,” aya ni Dr. Llanes matapos makaalis ni Ana kasama ang apo.

“Sinabi nga po sa akin ni Congressman na kakausapin ninyo ako ngayong araw na ito,” sabi niya.

“Alam mo, bilang therapist ni Carlota, kailangan kong ipaliwanag sa iyo ang kalusugan at kapansanan ng bata.”

“Nauunawaan ko po. Sabihin ninyo ang dapat kong gawin at makakaasa kayong susundin ko iyon lahat.”

Maraming ipinaliwanag at ipinagbilin ang doktor kaya nang makatapos silang makapag-usap at makapanhik ng bahay si Jessica ay nasa silid na niya si Carlota. Bagong paligo na ito, tahimik na nakaupo sa carpeted na sahig at may hawak na manyika na hindi naman pinaglalaruan.

“Bakit, Carlota?” tanong niya nang mapansing malungkot ang bata.

“Mommy is mad. She said, Carlota is salbaheng bata.”

“Aba, hindi. Bakit ba nagalit si Mommy?”

“Ayaw ligo ni Carlota.”

Napangiti si Jessica. “Ah, kaya naman pala. Gusto lang ni Mommy na malinis ka, mabango at maganda tulad niya.”

“Maganda ako?”

“Oo, magandang-maganda.”

Pero mukhang hindi pa rin napalis ang pagtatampo ng bata dahil tumahimik itong muli.

“Gusto mo bang magbasa tayo ng fairytales?” tanong niya para ito malibang.

Wala itong reaksiyon pero kinuha pa rin niya ang isa sa mga nakahilerang libro sa cabinet, naupo sa tabi ng alaga at inumpisahan ang pagbabasa. Mayamaya lang ay mataman nang nakikinig sa kanya si Carlota.

“Gusto mo bang ikuha kita ng merienda? Nagugutom ka ba?” tanong niya nang matapos ang binabasa.

Tumango ito. “Sandwich and juice, please.”

“O sige. Diyan ka lang at ikukuha kita sa ibaba, ha?”

Tiningnan siya ng bata at ngumiti. “Carlota is pilay, she cannot walk.”

Nginitian niya ito. Tanggap naman pala ng bata ang kapansanan nito, naisip niya. Nagagawa pa nitong magbiro tungkol doon kaya humanga siya sa katatagan ng loob nito. “Carlota cannot walk now. But not for long,” sabi niya.

“Not for long,” paggaya nito sa kanya.

Ngingiti-ngiting lumabas ng silid si Jessica. Papasok naman sana roon si Eduardo kaya nabunggo ang dalaga sa matitipunong dibdib ng binata na noon ay bihis na bihis at amoy aftershave lotion pa.

Bigla siyang napaurong at muntik nang matumba. Mabilis siya nitong nahawakan sa may baywang at kaagad na nakabig.

“I’m sorry, Sir,” paghingi niya ng paumanhin.

“Ako ang dapat humingi sa iyo ng paumanhin. I’m sorry.”

Sabay silang ngumiti. At muli, napako ang mga mata nila sa isa’t isa.

“Nagmamadali ka yata. Saan ka pupunta?” tanong nito.

“Ikukuha ko lang ng merienda si Carlota .”

“Tutos mo na lang sa katulong.”

“Huwag na, Sir. Ako na lang.”

“Ikaw ang bahala.”

Ngunit hindi siya makakilos dahil hindi pa rin iniaalis ni Eduardo ang mga kamay nito sa kanyang baywang. “Excuse me lang, Sir.”

“Ha? Ah, oo!” sabi nito na noon lamang na-realize na hawak pa nito ang dalaga. “I’m sorry.”

Ngumiti lang siyang muli at saka na lumakad palayo. Noon lamang itong tuluyang pumasok sa silid ng pamangkin.

Ang guwapo talaga niya! nasa isip ni Jessica habang pababa ng hagdan.

Nang magbalik siya sa silid ni Carlota, bitbit ang tray ng sandwich at juice ay nadatnan niyang nakasalampak sa sahig ang magtiyo. Walang katinag-tinag si Carlota sa kinauupuan, pinapanood lamang ang binata, samantalang si Eduardo naman ay tila hirap na hirap sa pagbuo ng malaking jigsaw puzzle.

Buong paghangang pinagmasdan at pinanood ng dalaga ang dalawa. Para silang tunay na mag-ama, sa loob-loob niya. Malaki man ang pagkakahawig ni Carlota kay Dianne, kapuna-puna rin ang mga ilang bagay sa mukha ng bata na hawig sa tiyuhin.

Para sa isang katulad ni Eduardo na congressman, mahirap paniwalaan na ganoon ito magmahal sa pamangkin. Karamihan sa mga pulitiko na kilala ay mas marami ang pakitang-tao lamang ang pagmamalasakit sa kapwa. Hindi iyon ang nakikita niya sa binata. Tunay ang pagmamahal nito kay Carlota, sigurado siya roon.

Tama ang mga nababasa ko. Talagang mahilig at magiliw siya sa mga bata, sa loob-loob niya.

“Para ba kay Carlota iyan?”

Nagulat si Jessica. Hindi niya napansin na naroroon na pala si Dianne, nakatayo sa kanyang likuran at pinagmamasdan siya habang pinapanood niya sina Eduardo at Carlota.

“Opo, Ma’am,” tugon niya.

Lumapit siya at ibinaba ang bitbit na tray sa tabi ni Carlota. Napasulyap siya kay Eduardo na ngumiti sa kanya. Ginantihan niya ang ngiti nito.

Nakadama siya ng pagkaasiwa nang lumapit si Dianne, naupo sa kama ni Carlota na siyang sinasandalan ni Eduardo at malambing na hinawakan ang binata sa balikat, payakap.

“Baka mahuli ka sa Congress,” malambing na

bulong nito sa may tainga ni Eduardo.

Hindi naman inaalís ng binata ang pagkakatitig nito sa kanya. Pinalis nito ang mga kamay ng babae na nakapulupot sa leeg nito at ibinaling ang paningin sa pamangkin. “Ano sa palagay mo, Carlota? Matutulungan mo ba ako sa pagbuo nitong puzzle?”

Hindi ito sinagot ng bata; kinuha lamang nito ang juice at sandwich sa tray na inilapag ng dalaga sa isang tabi.

Nagtatampo pa rin ang bata sa ina, naisip ni Jessica.

“Tama na iyan. Late ka na,” sabi ni Dianne sa binata.

“Hindi bale. Mamaya na lang natin ituloy ang pagbuo nito. Uuwi ako nang maaga, tutulungan mo ako, ha?” nakangiting sabi ni Eduardo sa pamangkin at saka na tumayo.

“Hayan, nagusot tuloy ang suot mo. Halika’t aayusin ko,” malambing na alok ng babae na tumayo na rin.

Inayos nito ang kurbata ni Eduardo, pagkatapos ay malamyos na hinagod ng mga palad ang dibdib nito.

Hinawakan naman ng binata ang mga kamay ni Dianne, tinitigan ito at saka sinulyapan si Jessica. Hinalikan nito sa noo ang pamangkin, muling sinulyapan ang dalaga, nagpaalam at saka na lumabas ng silid.

Samantala, walang imik na sumunod si Dianne dito pagkatapos siyang titigan nang makahulugan.

Bigla siyang kinabahan at nailang. Nakuha niya ang ibig ipahiwatig ni Dianne sa kanya. Binibigyan siya ng babala nito na nagsasabing ‘keep off.’

Binale-wala na lang niya ang naisip. Imposibleng si Dianne pa ang ma-insecure sa kanya. Ibinaling na lamang niya ang tingin sa alagang bata. Noon niya napansin na buo na ang pinaghihirapan ni Eduardo na jigsaw puzzle.

“Carlota, ikaw ang bumuo ng puzzle?” takang tanong niya.

“Easy!” nakangiting tugon nito.

Natawa siya. “Ikaw, ha! Pinahirapan mo pa ang Tito Eduardo mo.”

“Tito Ed,” pagtatama nito.

Muli siyang natawa. Talagang napakatalino ng kanyang alaga.

Magmula nang araw na iyon, tuwing umaga ay ipinapasyal muna ni Jessica si Carlota sa park, sandaling naglalaro sa playground pagkatapos ay ginagawa na niya ang pagte-therapy sa bata tulad ng bilin ni Dr. Llanes.

Sabado. Tulad ng naipangako ni Eduardo, isinama nito si Carlota sa *Star City*. Silang tatlo lamang nina Jessica ang magkakasama at inis na inis si Dianne dahil natapat iyon sa isang importanteng kompromiso na hindi na nito mauurungan.

Alagang-alaga ni Eduardo si Carlota at ito ang nagmistulang tagapag-alaga ng bata kaysa sa dalaga. At kahit hindi nakakasakay sa rides ang pamangkin, matiyagang ipinapaliwanag ng binata rito kung bakit.

Ganoon pa man, madalas mapansin ni Jessica na may bahid ng pagkalungkot sa mga mata ni Eduardo.

“Nagkamali yata ako sa pagdala dito kay Carlota,” sabi nito habang pinagmamasdan ang pamangkin na nanonood sa mga nakasakay sa ferris wheel.

“Makakasama sa kanya ang masyadong ma-excite,” pampalubag-loob na paliwanag niya.

“Alam ko. Kaya nga hindi ko na lang sana siya

dinala dito.”

“Pero gusto niya dito. Masaya siya sa mga nakikita niya.”

“At malungkot din... dahil naiinggit siya.”

“Bawiin mo na lang sa pagbili ng lahat ng magustuhan niya,” pagbibiro niya.

“Ano pa nga ba? Pero may kaligayahan na hindi kayang bilhin ng pera,” seryoso nitong sagot.

Na-realize niyang wala sa timing ang kanyang sinabi. “I’m sorry, Sir. Nagbibiro lang naman ako para mawala nang kaunti ang lungkot mo.”

Tumingin sa kanya si Eduardo at ngumiti. “Salamat.”

“Huwag kang mag-alala, Sir. Gagaling din naman si Carlota.”

Inakbayan lamang siya nito na hindi naman niya tinutulan at nilapitan na nila si Carlota.

Minsan pa niyang napatunayan kung gaano kalaki ang pagmamahal at pagmamalasakit nito sa bata kaya nadagdagan ang paghanga niya rito.